# "Ang ang natira mula rito?" (Ibig sabihin ay tupa.) Nagsabi siya: "Walang natira mula rito kundi ang balikat nito." Nagsabi siya: "Natira ang lahat nito maliban sa balikat nito."

Ayon kay `Ā’ishah, malugod si Allah sa kanya: Sila ay nagkatay ng isang tupa kaya nagsabi ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan: "Ano ang natira mula rito?" Nagsabi siya: "Walang natira mula rito kundi ang balikat nito." Nagsabi siya: "Natira ang lahat nito maliban sa balikat nito."
[Tumpak] [Isinaysay ito ni At-Tirmidhīy]

Kumatay ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, ng isang tupa. Pagkatapos ay ikinawanggawa nila ito maliban sa balikat nito kaya nagsabi sa kanya ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan: Nanatili ang tupa kay Allah, pagkataas-taas Niya, bilang isang gantimpala at isang kabayarang matatagpuan natin sa Kabilang-buhay dahil ikinawanggawa ito. Ang hindi naman ikinawanggawa ay hindi mananatili nang tunay.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee